## Apektado po ba kayo ng sunog? May tulong po para sa inyo.

- **Kumuha ng agarang tulong at suporta para sa sambahayan**

Ang American Red Cross ay may agarang tulong para sa pagkain, damit o pabahay, tulad ng matutulyan sa magdamagan at pansamantalang panunuluyan sa otel para sa mga taong nawalan ng matutuluyan dahil sa sunog. Makipag ugnayan po sa **American Red Cross** sa **866-272-2237**

- **Kunin ang mga kagamitan ninyo mula sa inyong tahanan**

Sa ilalim ng batas, dapat ipabatid sa mga tenant ang kalagayan ng kanilang mga yunit patungkol sa kung matitirahan pa ito at kung paano makukuha ang kanilang mga gamit. Para sa karagdagang impormasyon, makipag ugnayan po sa **Dept. of Building Inspection** (DBI) sa **628-652-3450** o mag email: **DBI.inspectionservices@sfgov.org**

- **Kumuha ng tulong mula sa mga Organisasyon para sa mga karapatan ng mga ténant**

Kung kayo ay ténant, may mga organisasyon na makatutulong sa inyo. Para sa pinaka buong listahan, tunghayan ang: **sf-fire.org/list-tenants-rights-organizations-building-owners**

- **Tulong para sa mga alagang hayop**

Kung kayo o ang pamilya ninyo ay may emergency patungkol sa alagang-hayop dahil sa sunog, ang mga **Animal Control Officers** ay naka handa para tumulong. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga emerhensiyang may kinalaman sa mga hayop, tumawag po sa **415-554-9400.**

- **Mag apply para sa emerhensiyang pamalit ng pagkain**

Matutulungan kayo ng SFHSA para mag apply para sa emergency food replacement kung kayo ay kasalukuyan nang tumatangap ng benepisyong pagkain mula sa CalFresh. Makipag ugnayan sa **415-558-4700** o ***food@sfgov.org*** para sa karagdagang impormasyon.

- Humingi ng ulat tungkol sa sunog para sa inyong taga paseguro (Insurance Provider)
    - Kung kailangan ninyo ng ulat tungkol sa sunog para makagawa ng insurance claim, mabibigyan po kayo ng **San Francisco Fire Department (SFFD)** ng kopya ng kanilang ulat. Ang mga tagubilin kung paano makaka hingi ng ulat tungkol sa sunog ay matatagpuan sa : **sf-fire.org/services/fire-reports**
    - Para malaman kung handa at makakakuha na ng ulat tungkol sa sunog, mangyaring tumawag po sa **SFFD Bureau of Fire Investigation** sa **415-920-2933** o kaya ay tunghayan ang : **sf-fire.org/contact-us/fire-investigation**

- **Mag apply para sa tulong sa upa sa bahay sa pamamagitan ng Emergency (Emergency Rental Assistance) Program**

Ang **Emergency Rental Assistance Program (ERAP)** ng San Francisco Human Services Agency ay may nakalaan na pansamantala at bahagyang pang tustos sa pabahay para sa mga kwalipikadong sambahayan na dumadaranas ng matagalang kawalan ng matutuluyan dahil sa sunog. Para sa mga taga San Francisco na kwalipikado sa programa, kasama sa mga naturang tulong ang mga sumusunod:

- Ang mga nakatira sa mga lugar na hindi sakop ng rent control ay mabibigyan ng minsanang pambayad na pantulong sa mga gastusin para lumipat sa bagong yúnit. Direktang babayaran ng programa ang landlord ng bagong yúnit.
- Ang mga naninirahan sa mga yunit na nasa ilalim ng rent control ay may bahagya at buwanang pangtustos

Matutulungan ng SFHSA ang mga residente para alamin kung sila ay kwalipikado para sa tulong pinansyal galing sa ERAP. Para mag apply o para sa karagdagang kaalaman, makipag ugnayan po sa **HSAFireResponse@sfgov.org**

- **Kumuha ng tulong para sa pambayad-upa at pag-lilipat**

Maraming organisasyon ang nagbibigay tulong sa pambayad-upa at paglilipat para sa mga taong apektado ng sunog.

**Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD):** Ang Displaced Tenant Housing Preference program ay tumutulong sa mga ténant na naninirahan sa mga rent-controlled housing na apektado ng sunog. Ang programana ay nagbibigay ng kasulatan (certificate) para unahin ang mga may taglay nito sa mga palabunutang isinasagawa ng MOHCD para sa mga abot-kayang pabahay. Ang mga aplikasyon para sa palabunutan ay dapat pirmado ng SFFD Bureau of Fire Investigation o ng SFHSA. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: **sf.gov/displaced-tenant-housing- preference-program-dthp**

Catholic Charities: **catholiccharitiessf.org** o **415-972-1200**

AIDS Foundation: **sfaf.org/services/housing-financial-benefits** o **415-487-3000**

Tzu Chi: **tzuchi.us** o **415-682-0566**